


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 7: Nobela mula sa Nigeria (Panitikan ng Africa at Persia)



Filipino – Baitang 10**Alternative Delivery Mode****Ikatlong Markahan–Modyul 7: Nobela mula sa Nigeria (Panitikan ng Africa at Persia)****Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Ladessa O. Fangon	Rhoda C. Chan
Editor:	Elsa M. Calado	Genevieve B. Ugay
	Bernardo T. Rombawa	Rowena R. Abad
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega	Editha T. Giron
	Gina A. Amoyen	Rebecca R. Vilorio
Tagaguhit:	Mardee Isabel B. Olivar	Dustin G. Calderon
Tagalapat:	Crisanto P. Uberita	Mary Ann L. Cabilan
	Gilbert R. Esguerra	
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino	Rowena C. Banzon
	Arlene A. Niro	Agnes B. Cacap
	Gina A. Amoyen	Genevieve B. Ugay
	Editha T. Giron	Bernardo T. Rombawa

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:
Nobela mula sa Nigeria
(Panitikan ng Africa at Persia)**



Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Maganda at masiglang araw sa iyo, mahal kong mag-aaral! Ngayon pa lamang ay binabati na kita sa patuloy mong pagpupursige para matapos ang buong aralin ng ikatlong markahan.

Ang **Modyul 7** ay naglalaman ng buod ng nobelang "Paglisan" mula sa Nigeria na isinulat ni Chinua Achebe at isinalin sa Filipino ni Julieta U. Rivera. Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang magpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Africa sa tulong ng mga pang-ugnay na ginagamit sa pagpapaliwanag at mabisang pagsusuri sa buod ng isang nobela. Inaasahan din na makapagtatanghal ka ng isang puppet show na nagpapakita ng mga kulturang nananatiling buhay sa inyong lugar.

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

Mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo **(F10PN-IIIh-i-81)**
2. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw/teoryang pampanitikan na angkop dito **(F10PN-IIIh-i-81)**
3. Nasusuri ang napanood na excerpt ng isang isinapelikulang nobela **(F10PD-IIIh-i-79)**
4. Nailalapat nang may kaisahan at ugnayan ang mga talata gamit ang mga pang-ugnay sa panunuring pampelikula **(F10PS-IIIh-i-83)**
5. Nagagamit ang iba't ibang impormasyon tungkol sa magagandang katangian ng Africa at/o Persia **(F10EP-IIf-32)**



Subukin

Bago tayo dumako sa ating talakayan tungkol sa nobela, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya upang malaman natin ang iyong inisyal na kaalaman hinggil sa paksang ating tatalakayin.

PAUNANG PAGTATAYA

A. Panuto: Basahin at suriing mabuti ang bawat tanong sa ibaba. Pagkatapos, isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Ang panitikan ng Nigeria ay sadyang nakapagpataas ng kamalayan ng mamamayan ng bansa, kalagayan ng tradisyon at suliranin sa _____

A. politika B. edukasyon C. relihiyon D. mga panukalang batas

_____ 2. Kabilang sa mga akdang pampanitikan na nalinang ng Nigeria ay _____.

A. Tula B. Sanaysay C. Maikling Kuwento D. Nobela

_____ 3. Si Okonkwo ay isang respetadong _____.

A. guro B. abogado C. mandirigma D. pari

_____ 4. Siya ang lalaking kinuha bilang tanda ng pakikipagkasundo sa kapayapaan sa pagitan ng Umuofia at ng isang nayon.

A. Okonkwo B. Ogbuefi Ezeudu C. Mbanta D. G. Kiaga

_____ 5. Ang nabanggit na interpreter sa akda.

A. Okonkwo B. Ogbuefi Ezeudu C. Mbanta D. G. Kiaga

_____ 6. Ang malaking kasalanang nabanggit sa akda na hindi tanggap ng simbahan.

A. pakikiapid C. pagsisinungaling
B. pagnanakaw D. pagsamba sa diyos-diyosan

_____ 7. Ano ang nangyari kay Okonkwo sa huling bahagi ng kuwento?

A. nagpatiwakal C. lumisan sa ibang lugar
B. naging alagad ng Diyos D. nagpakasal sa babaeng iniibig

_____ 8. Sa huling bahagi ng kuwento, maihahalintulad ang nangyari kay Okonkwo sa isang inilibing na _____.

A. aso B. maharlika C. sundalo D. pulubi

_____9. Hindi makapaniwala ang buong nayon sa ginawa ni Okonkwo dahil siya ay kilalang_____.

A. mapagbigay C. maginoo
B. matapang at malakas D. mapagkakatiwalaan

_____10. Nanghihinayang ang kaibigang si_____ sa nangyari kay Okonkwo.

A. Beirika B. Obeirika C. Ogbuefi Ezeudu D. G. Brown

B. Panuto: Salungguhitan ang pang-ugnay na ginamit sa pangungusap.

1. Alinsunod sa kanilang tradisyon, ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang Muslim na babae.
2. Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin.
3. Huwarang babae kung ituring ang mga babaeng may paninindigan.
4. Para kay Jessa lamang ang pagkain na ito.
5. Si Ama ay isang masipag na magsasaka.

Mahusay! Nagawa mo ang Paunang Pagtataya na sumubok sa iyong kaalaman tungkol sa ating aralin. Sinisigurado ko na sa pagtatapos ng –talakayang ito, mas marami pa ang maidadagdag sa iyong kaalaman.

Aralin

7.1

Nobela mula sa Nigeria Panitikan: Paglisan



Balikan

Natutuhan mo sa Modyul 6 ang sanaysay mula sa Nigeria at ang paggamit ng mga angkop na pang-ugnay sa pagsulat ng isang sanaysay. Upang malaman ang talas ng iyong isipan, narito ang ilang katanungan ukol sa nakaraang aralin. Sagutin ito sa sagutang papel.

Panuto: Tukuyin kung tama o mali ang mga pahayag mula sa sanaysay na may pamagat na Nnamdi Azikiwe: Tagapagtaguyod ng Kapayaan sa Africa. Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay tama, at ekis (x) kung ito ay mali.

- _____ 1. Sa kabalintunaan, ang pangunahing sanhi ng digmaan sa Afrika ay ang likas na yaman nito.
- _____ 2. Sa pananaw ng ibang tao, ang nasabing hugis ay nagpapahiwatig na puwedeng hatiin at pagsaluhan ng mga makapangyarihang bansa sa Europa.
- _____ 3. Sa ngayon, libo-libong manggagawa ang nawalan ng trabaho.
- _____ 4. Ang aming pambansang pagkakakilanlan ay ipinagkait sa amin dahil sa makasariling pamamahala ng mga dayuhan.
- _____ 5. Kalahati ng daigdig ay nagagalak sa kapayapaan habang ang kalahati ay nakararanas ng digmaan.

Mahusay! Binabati kita dahil natapos mo ang unang gawain. May mga tao na gagawin ang lahat makamtan lamang ang inaasam na kapayapaan para sa kanilang bayan katulad ni Nnamdi Azikiwe. Sa araling ito, makikilala natin ang isang matapang at respetadong mandirigma. Tara! Ating alamin ang -kuwento ng kaniyang buhay.




Tuklasin

Ang maskara ay ginagamit upang itago ang mukha o ang pagkakakilanlan ng isang tao. Ito ay likas na ginagamit sa bansang Africa na bahagi na rin ng kanilang paniniwala at tradisyon. Ating alamin kung ano nga ba ang gamit nito para sa mga naninirahan sa Africa.

Gawain 1: Mukha ng Isang Maskara.

Sa iyong pananaw, ano ang sinisimbolo ng maskara para sa mga taga-Africa? Gawin sa sagutang papel.



Magaling! Nasagot mo nang mahusay ang gawain. Handa ka na bang malaman ang kuwento ng nobelang Paglisan? Basahin mo nang mabuti ang akdang Paglisan upang maunawaan ang nais iparating ng nobelang mula sa Nigeria.

PAGLISAN

(Things Fall Apart)

Isang Nobela mula sa Nigeria ni Chinua Achebe

Isinalin sa Filipino ni Julieta U. Rivera

Si Okonkwo, isang matapang at respetadong mandirigma, ay nagmula sa lahi ng mga Umuofia, isang hindi gaanong kilala at hindi kalakihang tribo sa Nigeria. Labingwalong taong gulang noon si Okonkwo nang matalo niya sa isang labanan si Amalinze, ang Pusa. Dahil dito, kinilala ang katapangan ni Okonkwo mula Umuofia hanggang Mbaino. Sa maraming pagkakataon, ipinamalas ni Okonkwo ang kaniyang katapangan upang mapagtakpan ang laman ng kaniyang dibdib laban sa kaniyang ama, si Unoka, na sa kaniyang tingin ay mahina at talunan. Walang nagawang mahusay ang kaniyang amang si Unoka dahil sa kaniyang katamaran. Sa halip, puro kahihyan ang iniwan nito sa kanilang pamilya sapagkat nag-iwan pa ito ng maraming utang sa mga kanayon bukod pa sa pagiging pabaya nitong padre de pamilya. Ang naging buhay na ito ni Unoka ay laban kay Okonkwo. Kaya pinatunayan niyang naiiba siya sa kaniyang ama. Para patunayan ang kaniyang kakayahan sa pamumuno, pinamahalaan niya ang siyam na nayon. At siya ay nagtagumpay. Tatlo ang kaniyang naging asawa, nakapundar ng mga ari-arian na nagpapatunay lamang ng kaniyang pagiging masipag. Naging matapang na mandirigma at makapangyarihan siya sa buong nayon. Dahil dito, siya ay kinilalang lider ng kanilang tribo. Dahil sa kaniyang kakayahan sa pamumuno, pinili si Okonkwo ng mga kanayon upang ipagtanggol si Ikemefuna, ang lalaking kinuha bilang tanda ng pakikipagkasundo sa kapayapaan sa pagitan ng Umuofia at isang nayon pagkatapos mapatay ng tatay ni Ikemefuna ang isang babaeng Umuofian. Tumira ang batang lalaki kina Okonkwo. Naging magiliw at magkasundo naman ang dalawa. Itinuring ng bata si Okonkwo bilang pangalawang magulang.



Isang araw, lihim na ipinaalam ni Ogbuefi Ezeudu, isa sa matatandang taga Umuofia, ang planong pagpatay kay Ikemefuna. Binalaan ni Ezeudo na huwag makialam sa planong ito si Okonkwo. “Hindi ka dapat makialam sa isasagawang iyon ng kalalakihan ng Umuofia sapagkat isang ama na ang turing ni Ikemefuna sa iyo,” wika ni Ogbuefi Ezeudu kay Okonkwo. Dahil dito, gumawa ng paraan si Okonkwo. Pfinaniwala niyang ihahatid na si Ikemefuna sa kaniyang tunay na ina. Naglakbay ang bata kasama ang ilang kalalakihan ng Umuofia. Sa gitna ng kanilang paglalakbay, sinugod ng mga kasamang lalaki si Ikemefuna

upang patayin ngunit nakatakas ang bata. Nagpasaklolo ito sa kaniyang ama-amahan. Noon ay nasa harapan ng mga katribo si Okonkwo upang mapanatili ang ipinakitang katapangan, tinaga niya ang bata sa harapan nila sa kabila ng pagmamakaawa nito sa kanya Nakalimutan ni Okonkwo ang naging usapan nila ni Ogbuefi Ezeudu. Umuwi si Okonkwo na mag-isa. Wala na ang batang tumulong at gumabay sa kaniya. Naging simula naman iyon ng malaking pagbabago kay Okonkwo. Hindi na siya makakain, hindi na makatulog, hindi na rin makapag-isip nang maayos. Ramdam niya sa kaniyang sarili ang depresyong siya rin naman ang may kagagawan kaya't upang maibsan ang kapighatian at huwag matulad sa kaniyang amang sawi ay nagtungo siya sa kaniyang kaibigang si Obierika. Humingi siya ng payo rito at nakaramdam naman siya ng kaunting gaan ng loob.

Nagkasakit naman noon si Ezinma, anak na babae ni Okonkwo, ngunit gumaling din sa tulong ng mga halamang gamot na ipinanlunas ng kaniyang ama.

Lumipas ang panahon, nabalitaan ni Okonkwo na namatay si Ogbuefi Ezeudu. Nakaramdam ng konsensiya si Okonkwo sapagkat nang huling makausap niya ito ay noong bigyan siya nito ng babala tungkol sa pagkonsulta sa orakulo na papatayin si Ikemefuna. Pinuno ng malalakas na tunog ng tambol na sinasabayan ng alingawngaw ng malakas na putok ng baril ang maririnig sa paligid habang nakaburol si Ogbuefi Ezeudu. Kagimbal-gimbal na trahedya ang bumulaga sa lahat ng mga naroroon nang pumutok ang baril ni Okonkwo at tamaan ang labing-anim na taong gulang na anak ng yumao. Dahil dito, kailangang pagbayaran ni Okonkwo ang nagawang kasalanan laban sa kaniyang kaangkan. Isang malaking pagkakasala sa diyosa ng Lupa ang pumatay at makapatay ng kauri. Hinakot lahat ni Okonkwo ang kaniyang mga ari-arian at mahahalagang kagamitan at nagtungo sa Mbanta, lugar ng kapanganakan ng kaniyang ina dala ang kaniyang buong pamilya. Sinunog ang mga natirang hayop, kubo, at mga naiwang pag-aari ni Okonkwo tanda ng paglilinis sa buong pamayanan sa kasalanan nito. Malugod naman silang tinanggap ng mga kaanak higit lalo ang tiyuhin nitong si Uchendu. Tinulungan nila sina Okonkwo na makapagpatayo ng kanilang munting pamayanan at pinahiram ng mga butil na pagsisimulan ng kanilang munting kabukiran. Malagim at mahirap man ang sinapit ni Okonkwo, pinilit niyang tanggapin ang lahat at muling magbalik sa kung saan siya nagmula.

Dumaan ang dalawang taon ng pagkakapatapon kina Okonkwo. Sa mga taong iyon matiyagang kinukuha at inaani ni Obierika ang mga pananim ni Okonkwo sa dating lugar. Ibinebenta niya ito at ibinibigay ang pinagbilhan kay Okonkwo. Buong sipag niya itong ginagawa hanggang sa makabalik na si Okonkwo sa Umuofia. Isang masamang balita naman noon ang ipinabatid ni Obierika nang minsang nagdala siya ng pinagbilhan kay Okonkwo. Winasak daw ng mga puti ang Abame, isa ding pamayanan ng mga Umuofia.

Hindi naglaon, may mga dumating na misyonero sa Mbanta. Sa tulong ng isang interpreter na si G. Kiaga ay kinausap ni G. Brown, lider

ng mga misyonero, ang mga taga-Mbanta. Ayon sa kanila, ang pagsamba sa mga diyos-diyosan ay isang malaking kasalanan at hindi katanggap-tanggap sa simbahan. Lalong hindi maunawaan ng mga taga-Mbanta kung paanong ang Tatlong Persona ay naging iisang Diyos katulad ng ipinaliliwanag ng mga misyonero tungkol sa dapat na pagsamba sa iisa lamang na Panginoon. Layunin ng mga misyonero na dalhin ang Kristiyanismo sa Mbanta at hindi ang tuligsain sila. Nagkasakit si G. Brown at pinalitan ni Rev. James Smith, isang malupit at bugnuting misyonero. Nagkaroon ng relihiyon ang mga taga-Mbanta. Habang isinasagawa ang taunang seremonya para sa pagsamba sa Bathala ng Lupa hinablot ni Enoch ang takip sa mukha ng isang Egwugwu, katumbas ng pagkitil sa espiritu ng mga ninuno. Kinabukasan, sinunog ng Egwugwu ang tahanan ni Enoch at ang simbahang itinayo nina Rev. Smith.

Ikinapanlumo ng Komisyoner ng distrito ang naganap na panununog sa kanilang simbahan. Dahil dito humiling siya ng pakikipagpulong sa pinuno ng mga Umuofia. Sa pulong, pinosasan ang mga dumalong pinuno ng mga Umuofia at ikinulong. Nakatikim ng pandudusta, masasakit na salita at pang-aabuso ang mga pinuno ng Umuofia. Pagkatapos mapalaya ang mga bilanggo, agad silang nagpulong at napagkasunduang tumiwalag. Inakala ni Okonkwo na nais ng mga kaangkan na maghimagsik kung kaya't gamit ang machete pinatay niya ang pinuno ng mga mensaherong lumapit sa mga kaangkan niya. Hinayaan naman ng tao na makatakas ang iba pang mensahero at doon napagtanto ni Okonkwo na hindi handa ang kaniyang mga kaangkan sa isang giyera.

Dumating sa lugar ni Okonkwo ang Komisyoner ng Distrito upang imbitahan siya sa isang pagdinig sa korte subalit natagpuan na lamang niyang nakabitin si Okonkwo. Nagpatiwakal si Okonkwo. Ibinaba nina Obierika ang katawan ni Okonkwo. Gumimbal sa buong nayon ang nangyaring ito sapagkat kinikilala nila na ang pagpapatiwakal ay isang malaking kasalanan at bukod dito, si Okonkwo ay nakilala sa pagiging matapang at malakas. “Ang taong iyan ay kilala at tanyag sa buong nayon, dahil sa kaniyang ginawang pagpapatiwakal, matutulad lamang siya sa isang inilibing na aso.” Sabi ni Obierika, ang kaniyang kaibigan.

Riveta, Julieta U., Paglisan: (Things Fall Apart) Isang Nobela mula sa Nigeria salin sa Ingles ni Chinua Achebe. Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Sa iyong pagbabasa ay marahil may mga salitang mahirap unawain o bago sa iyong pandinig. Upang higit mo itong maunawaan ay narito ang ilan sa mga salitang makatutulong sa iyo na maunawaan ang akda.



Suriin


Alam mo ba na...

Ang **nobela** ay isang mahabang kathang pampanitikan na naglalahad ng mga pangyayaring pinaghahabi-habi sa isang mahusay na pagbabalangkas. Ang pangunahing layunin ng isang nobela ay ang paglahad ng hangarin ng bida at kontrabbida ng kuwento. Ito ay ginagawa sa isang malikhaing pagsasalayasay ng pangyayari. Ang mga pangyayaring ito ay may kaniya-kaniyang tungkuling ginagampanan sa pagbuo ng isang matibay at kawili-wiling balangkas na siyang pinakabuod ng nobela.

Hango sa <http://rosiefilipino10.weebly.com/nobela.html#/>

Simbolismo at Kultura

Mga guhit ni Mardee B. Olivar



Ekwe

Isang tradisyunal na kagamitang pangmusika na yari sa sanga ng kahoy. Isang uri ng tambol na may ibat-ibang uri at disenyo

Cowrie

Yari sa shell na ginagamit bilang palamuti ng mga Afrikano. Ginagamit din sa ritwal at paniniwalang panrelihiyon.

Egwugwu

Espiritu ng mga ninuno. Gumagamit ng mascara ang tribu at sumasanib sila kung may nais lutasin na isang krimen.

Ogene

Malaking metal bell na ginawa ng mga igbo sa Nigeria

Igbo

Katutubong tao mula sa Timog-Silangang Nigeria. Karamihan sa kanila ay magsasaka at mangangalakal

Ang panitikang “Paglisan” mula sa Nigeria ay sumasalamin sa kultura ng mga mamamayan nito. Sa bansang ito masisilayan ang kagandahan nang may umaapaw na likas na yaman at mga hayop na naninirahan. Mas kilala naman ang Africa bilang isang kontinenteng inalipin at patuloy na inaalipin ng mga

mananakop. Dahil sa kulay ng balat ng mga Afrikano, sila'y nakararanas ng matinding rasismo at diskriminasyon mula sa ibang nasyonalidad, partilukar na sa mga puti. Isa ito sa maraming dahilan kung bakit hindi basta-basta makapasok ang mga Afrikano sa mga pinagpipitagang akademikong institusyon.

Sa larang ng panitikan, ang koleksyon ng kanilang mga akda at iba pang sulatin ay tumatalakay sa iba't ibang isyung kinakaharap ng mga Nigerian tulad na lamang ng isyu sa kasarian at kalagayan ng kababaihan sa lipunan. Kadalasang nakasulat ang mga ito sa Ingles, Igbo, Yoruba, Hau- sa, Urhobo, at iba pang wikang gamit sa bansa. Nakilala ang "The Fourteen Kingdoms" bilang isa sa mga ginintuang yugto ng panitikang Nigerian. Kabilang ang nobela sa *genre* na nalinang ng Nigeria.

Hango sa Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.


GAWAIN 2: Tradisyon, Gawing Misyon!

Ngayon ay alam kong handa ka nang tuklasin ang kultura at tradisyon ng Africa. Siguradong kamangha-mangha ang iyong matutunghayan.

Pakinggan ang tradisyon o paniniwala sa Africa gamit ang link na ito. <http://youtu.be/L9JirSoTnWw>

Isulat ang tsek (✓) kung ang tradisyon ng Africa na nabanggit sa bidyo ay may katotohanan at isulat ang ekis (×) kung hindi.

1. Ang tradisyon ng taga-Africa ay naaayon o naipapakita gamit ang musika, sayaw, pagguhit at iba pa.
2. Pagkonsulta sa orakulo ng mga Iglo bago sumuong o magdeklara ng giyera.
3. Ang pagsayaw ay integral na bahagi ng kanilang tradisyon dahil ito ang sumisimbolo sa kanilang kultura maging ang pagsuot ng mascara, pagpinta sa katawan at iba pa.
4. Ang musika ay madalas na ginagamit sa iba't ibang kultura ng Africa bilang proteksyon mula sa masasamang espiritu at upang magbigay respeto.
5. Ang kanilang katutubong relihiyon ay Animismo, isang paniniwala na ang lahat ng bagay ay may kaluluwa.
6. Isang malaking kasalanan at hindi katanggap-tanggap sa simbahan ang pagsamba sa diyos-diyosan.



Pagyamanin


Sa **teoryang eksistensiyalismo**, ang bawat tao ay may kalayaang pumili sa ninanais niya para sa kaniyang sarili. Dahil sa kalayaang ito, tao ang siyang bukod-tanging may pananagutan sa anumang maaaring kahinatnan o maging resulta ng kaniyang pagpili.

Maaaring panoorin mula sa link ang kahulugan ng Teoryang eksistensiyalismo.

http://youtu.be/rSJvG_esTzw

GAWAIN 3: Pagsusuri Gamit ang Teoryang Eksistensiyalismo

Balikan mo ang mga pangyayari at diyalogo sa nobelang “Paglisan”. Batay sa iyong kaalaman sa teoryang eksistensiyalismo, ilahad ang mga pangyayari/diyalogong tumutugon sa teoryang ito.



Binabati kita! Sa puntong ito, nalaman mo na ang buhay ng tao ay mahalaga anuman ang estado niya sa buhay at ang bawat tao ay may kalayaang pumili sang-ayon sa kanyang kagustuhan. Dahil sa kalayaang ito, ang tao ay responsable sa anumang maaaring maging resulta ng kanyang ginawang pagpili.



Isaisip


Gawain 4: Panuto: Gumawa ng tsart hinggil sa paniniwala, pagpapahalaga o pag-uugali na mayroon ang mga taga-Africa at Persia na iyong nabatid. Tukuyin kung positibo (✓) o negatibo (✗) ang bawat isa, pagkatapos ay ipaliwanag ang iyong sagot.

Paniniwala o Tradisyon	Positibo	Negatibo	Paliwanag
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			


Isagawa

Gawain 5: Suriin mo!

Subukin natin kung hanggang saan ang kakayahan mo mula sa natapos na nating aralin. Sagutin ang banghay ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa nobelang *Paglisan*.



Panuto: Isulat ang banghay ng Nobelang “*Paglisan*”. Gawin ito sa pamamagitan ng grapikong organayser na nasa ibaba.



Aralin
1.2

**Wika at Gramatika:
Pang-ugnay na Gamit sa
Pagpapaliwanag**




Balikan

Subukin natin ang talas ng iyong isipan. Alamin natin kung ano nga ba ang katangian ng Africa at Persia.

Gawain 1: Katangian Nila, Kilalanin Mo!

Panuto: Sa pamamagitan ng grapikong organayser sa ibaba, itala ang mga katangian ng Africa at Persia at isulat kung ano ang tradisyon, kinamulatan o kasalukuyan nitong ambag sa Lipunan.



Magaling! Mahusay mong naipahayag ang iyong kaisipan hinggil sa katangian ng Africa at Persia ayon sa kanilang tradisyon. Ngayon naman ay handa ka nang palawakin pa ang iyong kaalaman sa wika at gramatika. Bago mo isakatuparan ang gawain sa bahaging ito, pag-aralan mo muna ang mga sumusunod na tala. Makatutulong ito nang malaki sa iyong ganap na pag-unawa. Basahin at unawain mo itong mabuti.



Tuklasin

Alam mo ba na...

May mga bagay tayong dapat bigyan ng pansin sa tuwing nagsusuri o nagbibigay ng ebalwasyon tungkol sa isang iskrip? Ayon kay Ricky Lee sa kaniyang aklat na “Trip To Quiapo Scriptwriting Manual”, dapat nating bigyan ng pansin ang sumusunod.

- Kailangang maging malinaw muna ang konseptong pinag-uusapan.
- Malaman ang *major concepts* ng materyal.
- Dapat konektado ang lahat ng gustong sabihin ng sumulat at kung tungkol saan ba talaga ang istorya.
- Kailangang masagot ang anumang mga tanong tungkol dito.
- Kailangang ang bawat bahagi ay magkakaugnay.

Makakamtan naman ang maayos na paghahanda ng iskrip kung masusing bibigyang-tuon hindi lamang ang pagkakaugnay ng mga pangyayari kundi ang mismong pagbuo ng mga diyalogo. Malaki ang maitutulong ng mga pang-ugnay sa pagbuo ng mga diyalogong ito.

Sa pagsusuri naman ng isang pelikula, bumubuo ka ng pagpapaliwanag sa mga detalyeng nais na bigyan ng pansin. Maaaring pagpapaliwanag sa magandang nakita sa iskrip o sa pelikulang pinanood gayundin sa pagpapaliwanag ng mga naging kahinaan ng iskrip o ng pelikulang pinanood.

Ayon sa aklat na Gramatikang Pedagogikal ng Wikang Filipino ni Vilma M. Resuma, maipaliliwanag ang isang argumento o punto sa tatlong paraan: (1) pagpapalawak o pagpapaliwanag ng kahulugan, (2) pagbibigay ng mas tiyak, detalyado, at higit na maliwanag na deskripsiyon, kabilang na sa puntong ito ang mga paggamit ng pang-ugnay, pagtutulad at pag-iiba-iba, at (3) pagbibigay ng halimbawa.

Makatutulong nang malaki ang paggamit ng mga pang-ugnay upang maging mabisa ang pagpapaliwanag. Ilan sa mga ito ay ang mga pang-angkop na **na**, **ng**, **g** na ginagamit bilang pang- ugnay upang mapadulas ang pagbigkas ng salita.

Ginagamit ang pang-angkop na **na** kapag ang salitang aangkupan ay nagtatapos sa katinig, ang **g** naman ay ginagamit sa mga salitang nagtatapos sa n at ginagamit naman ang **ng** sa mga salitang aangkupan na nagtatapos sa patinig. Maliban dito, ang mga pangatnig na **bagamat**, **upang**, **at**, **tulad ng**, **kapag**, **kung** at iba pa ay magagamit din sa mahusay na pagpapaliwanag.

Ngayong nabatid mo na ang tungkol sa pang-ugnay na ginagamit upang maging mabisa ang pagpapaliwanag, handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang iyong natutuhan. Alam kong masasagot mo ito.

Pagsasanay 1: Lagyan ng angkop na pang-ugnay ang mga patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

Dumaan ang dalawang taon ng pagkakapatapon kina Okonkwo sa malayong lugar. Sa mga taong iyon, matiyaga ^{1.} ____ binantayan ni Obierika ang mga pananim ^{2.} ____ palay ni Okonkwo. Ibinenta niya ito at ibinigay ang pinagbilhan kay Okonkwo. Buong sipag niya itong ginawa hanggang sa makabalik na si Okonkwo sa Umuofia. Isang masama ^{3.} ____ balita naman noon ang ipinabatid ni Obierika ^{4.} ____ minsang nagdala siya ng pinagbilhan ^{5.} ____ Okonkwo. Winasak daw ng mga puti ang Abame, isa ring pamayanan ng mga Umuofia.

ng na saka at nang kay

Naging magaan ba para sa iyo ang inihandang gawain? Maayos mo ba itong naisagawa? Malamang, oo! At alam kong handang-handa ka nang sumagot ng iba pang gawain.

Gawain 2: Suring-Dugtong

Panuto: Isaayos ang sumusunod na pahayag o tala ayon sa isang suring pelikula sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-5 sa nakalaang kahon. Pagkatapos ay isulat ito bilang isang talata hinggil sa iyong naging kasagutan sa pamamagitan ng paggamit ng mga pang-ugnay na pangatnig, pang-ukol at pang-angkop.

- Ang pelikulang ito ay tungkol kay Josie, isang ina na nagtatrabaho sa ibang bansa bilang domestic worker. Tema o Paksa)
- ANAK (pamagat)
- Ang pelikula ay tungkol sa mga pamilyang nawalay sa isa't isa dahil kinakailangang magtrabaho para sa kinabukasan ng lahat. (kuwento)
- Masasabi kong isa itong napakagandang pelikula sapagkat nakaaantig ng puso at nagsisilbi itong tagapagmulat sa lahat ng Pilipino tungkol sa mga karanasan ng OFW at may mga pangyayari rito na nakakaiyak dahil ipinakikita rito ang mga paghihirap na nararanasan ng ating mga magulang. (bias-sa isip at damdamin)
- Dapat mahalín at pahalagahan ang lahat ng sakripisyo ng magulang sapagkat ang lagi lang naman nilang iniisip ay ang kapakanan nating lahat (mensahe)
- Teoryang Realismo (Teoryang ginamit)
- Josie
Carla
Daday
Michael } (Tauhan)




Suriin

Gabay sa Pagsusuri ng Isang Pelikula.

1. **Tauhan** – Malinaw ba ang karakterisasyon ng mga tauhan.? Lumutang ba ang mga katangian ng tauhan upang makilala ang bida (protagonista) at ang kontrabida (antagonista)?
2. **Istorya o Kuwento** – May kaibahan ba ang istorya sa mga dating napanood mo na o isa na itong gasgas na kwento? Malinaw bang naihanay ang mga pangyayari sa pelikula upang lubos na maunawaan ng mga manonood?
3. **Diyalogo** – Matino ba o bulgar ang mga salitang ginamit sa kabuoan ng pelikula.? Angkop ba ang lengguwahe sa takbo ng mga pangyayari?
4. **Titulo o pamagat** – Mayroon ba itong panghatak o *impact*? Nakikita ba kaagad at nauunawaan ng manonood ang mga simbolisno na ginamit sa pamagat?
5. **Sinematograpiya** – Mapusyaw ba o matinkad ang kabuoang kulay ng pelikula? Nakatulong ba ang paggamit ng visual effects sa paglutang ng mga pangyayari sa kwento?
6. **Tema o paksa** – Mayroon bang “puso” ang pelikula? May taglay ba itong kaisipan at diwang titimo sa isip at damdamin ng mga manonood?

Hango sa ranieili2028.blogspot.com/2011/08/mga-gabay-para-sa-pagsusuri-ng-isang.html?m=1



Pagyamanin

Mayroon tayong iba't ibang pamantayan sa pagpili ng pelikulang panonoorin. May mga pagkakataon na hindi natin nagugustuhan ang mga pelikulang ating natutunghayan. Maaaring hindi ito angkop sa ating pamantayan o kaya'y hindi magaling ang pag-arte ng mga artista. Sa pagsusuri ng isang pelikula ay may sinusunod tayong pamantayan. Ngayon ay ihanda mo na ang iyong sarili para sa gawaing panonood at pagsusuri.

Gawain 3: Manood at Sumuri!

Panuto: Panoorin at suriin ang pelikulang **“Anak”** na isinulat ni Ricardo Alfonso Lee at Raymond Lee sa direksyon ni Rory B. Quintos. <https://www.youtube.com/watch?v=glDibP54qnY&feature=share>
Kung hindi mapanood ang pelikulang ito, maaaring pumili ng isa sa mga pelikulang una mo nang napanood, at ito ang iyong susuriin. Gamit ang kasunod na pormat, suriin ang bahagi ng pelikula.

I. Pamagat :
II. Mga Tauhan:
III. Buod ng Pelikula:
IV. Paksa o Tema:
V. Sinematograpiya:
VI. Kabuoang Mensahe ng Pelikula:

Binabati kita sa ginawa mong pagsusuri sa isang pelikula. Napakahusay mo. Ipagpatuloy mo pa sapagkat sa bahaging ito ay madaragdagan pa ang iyong kaalaman tungkol sa iskrip ng pelikula.



Isaisip

Nagawa mo ba nang maayos ang pagsusuri? Nangangahulugan lamang ito, na magaling ka sa larangang panunuri ng isang pelikula. Kung may pagkakamali ka man ay huwag kang mag-alala at gagabayan kita sa susunod pang gawain.


Panuto: Sagutin ang mga gabay na tanong sa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang kahalagahan ng isang iskrip sa pelikula?

2. Nasusunod ba ang banghay sa isang pelikula?

3. Ano-ano ang mahahalagang bahagi ng isang iskrip?

Nasagot mo ba lahat ang katanungan? Mahalagang malaman mo kung ano nga ba ang kahalagahan at bahagi ng isang iskrip upang maging mahusay kang manunulat ng iskrip.




Isagawa

Sa bahaging ito, subukan nating palawakin ang iyong intelektuwal na kakayahan. Sagutin nang may katapatan ang katanungan.

GAWAIN 5: Maghambingan Tayo!

Gamit ang Venn Diagram, paghambingin ang panitikan ng bansang Pilipinas at Africa/Persia. Isulat ang mga ito gamit ang mga pang-ugnay.



Tayahin

Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka na sa bahaging ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA


Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

- Ito ay isang mahabang kathang pampanitikan na naglalahad ng mga pangyayari na pinaghahabi sa isang mahusay na pagbabalangkas.
 - Nobela
 - sanaysay
 - tula
 - anekdota
- Ito ay yari sa shell na ginagamit bilang palamuti ng mga Africano. Ginagamit din sa ritwal at paniniwalang panrelihiyon.
 - Ogene
 - Igbo
 - Egwugwu
 - Cowrie
- Sila ang katutubong tao mula sa Timog-Silangang Nigeria. Karamihan sa kanila ay magsasaka at mangangalakal.

- a. Egwugwu b. Cowrie c. Igbo d. Ekwe
4. Ilang taon si Okonkwo noong natalo niya sa isang labanan si Amalinze?
 - a. Labing-apat na taong gulang
 - b. Labimpitong taong gulang
 - c. Labing-anim na taong gulang
 - d. Labingwalong na taong gulang
 5. Bakit kinilalang lider si Okonkwo ng kanilang tribo?
 - a. Siya ay matapang na mandirigma at makapangyarihan siya sa buong nayon
 - b. Siya ang pinakamatipunong lalaki sa kanilang nayon.
 - c. Siya ang kinakatakutan ng mga taga-nayon
 - d. Siya ang itinakda ng diyos na maging lider nila.
 6. Ano ang ginawang paraan ni Okonkwo upang iligtas si Ikemefuna ?
 - a. Pinaniwala niyang ihahatid na si Ikemefuna sa kaniyang tunay na ina
 - b. Hinayaan niyang makatakas si Ikemefuna mula sa mga kalalakihan
 - c. Pinatay niya ang mga kalalakihan na kasama ni Ikemefuna
 - d. Pumagitna si Okonkwo sa pagitan ni Ikemefuna at ng mga kalalakihan
 7. Ano ang isang malaking pagkakasala sa diyosa ng Lupa ang nalabag ni Okonkwo?
 - a. Siya ay nagsinungaling sa kaniyang asawa
 - b. Nabaril ni Okonkwo ang anak ni Ogbuefi Ezeudu
 - c. Hindi siya dumalo sa burol ni Ogbuefi Ezeudu
 - d. Nagkaroon ng kaguluhan na pinamunuan ni Okonkwo
 8. Saan nagtungo si Okonkwo matapos siyang ipatapon dahil sa nagawa niyang kasalanan?
 - a. Umofia b. Mbaino c. Mbanta d. Abame
 9. Ano ang ginawa ni Okonkwo matapos siyang imbitahan ng mga Komisionero ng Distrito na dumalo sa isang pagdinig sa korte?
 - a. Nagtago c. nawala sa katinoan
 - b. nagpatiwakal d. dumalo
 10. Dahil sa ginawa ni Okonkwo, siya ay inihalintulad saan?
 - a. Katulad lamang siya sa isang inilibing na ibon
 - b. Katulad lamang siya sa isang inilibing na pusa
 - c. Katulad lamang siya sa isang inilibing na aso
 - d. Wala sa mga nabanggit.

B. Piliin ang pang-ugnay sa pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Siya ay mabait na ama.
2. Matulunging bata si Arnold.
3. Para kay ina ang kantang inawit ko.
4. Likas na matapang ang asawa ni Bekang.
5. Siya ay nagsisikap para sa kaniyang mga magulang.



Karagdagang Gawain

Mahusay! Nagtagumpay ka! Ngayon naman ay maaari mo nang ilapat at isagawa ang huling bahagi ng aralin. Bilang pangwakas na gawain, ikaw ngayon ay magsasagawa na ng pagtatanghal. Inaasahan kong magagamit mo ang iyong pagkamalikhain.

Panuto: Basahin at unawain mo kung ano nga ba ang **puppet show** at kung paano ito isinasagawa. Sikaping gawin ang mga aktibidad pagkatapos magbasa.

Alam mo ba na...

Ang **puppet show** ay isang pagtatanghal na ang pangunahing tauhan ay mga puppet. Ang puppet ay isang uri ng sining na ginagamitan ng iba't ibang mga midya, kagamitan, at pamamaraan. Dito mo maipakikita ang iyong pagkamalikhain at kakayahan sa paggawa ng isang likhang- sining sa pamamagitan ng mga patapong bagay. May mga puppet na pinagagalaw sa pamamagitan ng pisi o sinulid, puppet na pang kamay o hand puppet tulad ng medyas na puppet, puppet na supot, at puppet na bag at stick puppets. Ang stick puppet ang pinakapayak sa lahat ng uri nito. Mayroon lamang mga larawang ginupit at idinikit sa stick. Ang medyas na mga puppet ay simple rin. Isusuot lamang ng bata ang medyas sa kaniyang kamay at pagagalawin niya ito sa pamamagitan ng mga daliri habang nagsasalita kasama ang hinlalaki para magmukhang bibig ng puppet. Maaaring lagyan ng tali, butones at kapisasong damit para magmukhang mukha ng tao. Pagkatapos makalikha ay maaari nang magtanghal ng isang puppet. Ang mesa na nababalutan ng tela ang magsisilbing tanghalan habang nakatago sa likod nito ang nagtatanghal (puppeteers).

GAWAIN 5: Iskrip Ko Ito!

Panuto: Bumuo ng isang iskrip ng isang *puppet show* na naglalarawan sa tradisyong kinamulatan sa Africa at/o Persia.

Pamantayan sa Pagsulat ng Iskrip ng Puppet Show

Malinaw na usapan o diyalogo.....	30 puntos
Kaangkupan ng mga salita.....	25 puntos
May nabuong kuwento.....	25 puntos
Orihinalidad.....	20 puntos

Iskrip ng Puppet Show



Binabati kita! Natapos mo na naman ang isang aralin na nakatulong sa iyo upang malinang ang iyong kaalaman at kakayahan. Hangad kong ipagpapatuloy mo pa ang pag-aaral ng modyul sa Ikaapat na Markahan upang lalo pang mapaunlad ang iyong kagalingan sa akdang **El Filibusterismo ni Dr. Jose P. Rizal.**



Susi sa Pagwawasto

1. Alinsumod
2. kundi
3. huwaring
4. para kay
5. na

1. ✓
2. ×
3. ✓
4. ✓
5. ✓
6. ×

(Nakabatay sa sariling pananaw ng

ISAISIP

ang kanilang kasagutan.)

ng mga mag-aaral saring pananaw (Nakabatay sa

PAGYAMANIN

1. na
2.-ng
3. para kay
4. na
5. Para sa

1. Ang iskrip ang pinakakaluluwa ng isang pelikula. Dito nakasalalay ang gagawing hakbang ng mga tauhan.
2. Oo, dahil malaking bahagi ang banghay sa isang pelikula upang malaman kung nasa tamang ang ayos ng mga diyologo at tagpuan.
3. Iskrip, Direktor at Tauhan na gaganap

Mga Posibleng kasagutan

ISAISIP

(Nakabatay sa ginawang pagsusuri ng mga mag-aaral ang kasagutan.)

Gawain 3: MANOOD AT SUMURI

PAGYAMANIN

- A
A.
A
B
C
D
C
A
B
C
A
A

Gawain 2: Tradisyong Gawing Misyon!

saring pananaw ng mga mag-aaral ang kanilang kasagutan.)

Gawain 1. (Nakabatay sa

TUKLASIN

4
1
2
5
6
7
3

BALIKAN

1. ✓
2. ✓
3. x
4. ✓
5. x

SUBUKIN

10. B
9. B
8. A
7. C
6. B
5. D
4. A
3. C
2. D
1. D

GAWAIN 2: SURING

DUGTONG

- 1.-ng
2. na
3.-ng
4. nang
5. kay

PAGSASANAY 1

(Nakabatay sa sariling pananaw ng mga mag-aaral ang kanilang kasagutan.)

GAWAIN 1: BALIKAN

SUBUKIN

- A.
1. D
2. D
3. C
4. A
5. D
6. B
7. C
8. A
9. B
10. B

Sanggunian

Aklat

Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Website

<http://pangkatkrypton.blogspot.com/2018/12/paglisan-things-fall-apart-isang-nobela.html>

<https://brainly.ph/question/1196138>

ranieili2028.blogspot.com/2011/08/mga-gabay-para-sa-pagsusuri-ng-isang.html?m=1

<https://www.youtube.com/watch?v=glDibP54qnY&feature=share>

<http://rosiefilipino10.weebly.com/nobela.html#/>

Riveta, Julieta U., Paglisan: (Things Fall Apart) Isang Nobela mula sa Nigeria salin sa Ingles ni Chinua Achebe. Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph